Republic of the Philippines
Department of Education
National Capital Region
Schools Division Office of Las Piñas City

# Learning Activity Worksheets (LAW)
## Filipino 6

Pangalan: ________________________ Petsa: ______________ Iskor: __________

**Gawain 1**:

Panuto 1: Piliin at bilugan ang letra ng kahulugan ng sinalungguhitang sawikain sa bawat pangungusap.

1. Ang apelyidong Magallanes ay kilalang <u>bigatin.</u>
   A. kilalang tao
   B. masyadong mabigat
   C. hindi kayang buhatin
   D. sobrang laki at mataba
2. Ang <u>bungang –isip</u> ni Dr. Jose Rizal na Noli Me Tangere ay leksyon pa rin sa klase.
   A. likha
   B. pinag-aralan
   C. pinagsikapan
   D. pinagsusulat
3. Mag-ingat kayo sa pag-utang sa kanya pagkat <u>parang buwaya</u> siya kung maningil ng tubo.
   A. mabait
   B. masungit
   C. gahaman
   D. mapagkakatiwalan
4. Nawala ang wallet niya sa isang <u>kisap- mata</u>.
   A. napapikit
   B. napakabilis
   C. napakatagal
   D. napakabagal
5. Sa tuwing nakikita ko siya ay <u>kumukulo ang dugo</u> ko.
   A. naiinitan
   B. napopoot
   C. nalulungkot
   D. naguguluhan

**Panuto B:** Iugnay ang sawikain sa Hanay A sa kahulugan nito sa Hanay B. Pagdugtungin ng guhit.

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| 1. pakitang tao | A. malapit nang mag-umaga |
| 2. magdilang-anghel | B. malapit nang gumabi |
| 3. bukang-liwayway | C. pagkukunwari |
| 4. agaw-dilim | D. mapagkawanggawa |

**Markahan:** 1 **Linggo:** 3 at 4

**MELC:** Nabibigyang kahulugan ang sawikain, Napagsunod-sunod ang mga pangyayari sa kuwento sa tulong ng nakalarawang balangkas at pamatnubay na tanong, Nakapagbibigay ng hinuha sa kalalabasan ng mga pangyayari bago, habang at matapos ang pagbasa, Nagagamit ang magagalang na pananalita sa iba't ibang sitwasyon

**Note to the Teacher:**

**(Government Property. Not for sale)**

5. bukas na kaban

E. magkatotoo ang sinabi

F. nagsisiningaling

**Gawain 2**

**Panuto:** Basahin at isulat ang pagkasunud-sunod ng kwento gamit ang nakalarawang balangkas. Hanapin sa loob ng kahon ang mga sagot.

**Si Noe**

Noong araw, maraming tao ang masasama. Nakalimot sila sa Panginoon, subalit isa lamang sa kanila ang nanatiling matapat at mabuti, si Noe. Kinausap ng Panginoon si Noe. Sinabi niyang Siya'y nalulungkot sapagkat maraming tao ang ayaw sumunod sa kanya kaya't sila ay parurusahan. Uulan nang malakas at babaha sa loob ng apatnapung araw. Walang maiiwang buhay sa lupa.

Sapagkat mabait si Noe at kumikilala sa Panginoon, pinayuhan Niya na gumawa ng arkong yari sa kahoy. Doon, isasakay niya ang kanyang asawa, mga anak at mga pamilya nito. Magsakay din dito lahat ng uri ng hayop na may isang pares bawat isa.

Sinunod ni Noe ang iniutos ng Panginoon. Bawat detalyeng sinabi Niya ay natupad. Nangyari ang matinding baha. Umulan nang ubod lakas. Natakpan ng tubig ang kalupaan at kabundukan. Lahat na may buhay ay nalunod. Sina Noe lamang ang nakaligtas.

I. Kinausap ng Diyos si Noe.
  A.
  B.
  C.
II. Pinayuhan Siya ng Panginoon.
  A.
  B.
  C.
III. Nangyari ang Malaking Baha.
  A.
  B.
  C.

Sina Noe lamang ang nakaligtas.

Nalulungkot ang Panginoon.

Gumawa ng arko.

Sila ay parurusahan.

Lumubog ang kalupaan at kabundukan.

Uulan nang malakas at babaha.

Lahat ng hayop na may isang pares bawat uri.

Lahat ng may buhay sa lupa ay nalunod.

Isakay ang kanyang asawa kasama ang mga anak at pamilya nito.

**Gawain 3**

**Panuto:** Basahin ang kuwento at ibigay ang hinuha tungkol sa maaaring kalabasan ng pangyayari sa kuwento batay sa ikinikilos ng mga tauhan. Bilugan lamang ang letra ng tamang sagot.

**PINAKAMABUTING REKOMENDASYON**

Ipinapastol ni Andres ang kanilang mga kalabaw. Maingat siya sapagkat maaaring may maligaw na kalabaw sa tumanang may mga bagong tubong mais. Kabilin-bilinan ng kanyang Tatay na bantayan niyang mabuti ang mga kalabaw hanggang sa maisuga ang mga ito. Biglang huminto ang isang magarang kotse sa tabi ng daang pinagpapastulan ng kalabaw ni Andres. Bumusina ang tsuper. Lumapit naman si Andres ngunit hindi niya inaalis ang kanyang mga mata sa mga kalabaw.

"Hoy, binata, maaari bang samahan mo kami sa bahay ng Alkalde?" ang sabi ng lalaking sakay ng kotse. "Nagmamadali kami at bibigyan ka namin ng kaukulang upa."

"Hindi po maaari," ang magalang na sagot ni Andres. "Hindi ko po maiiwan ang aking kalabaw."

"Kahit bigyan ka namin ng isandaang piso?" ang tanong ng lalaking nakasakay sa kotse.

"Kahit na po magkano," ang sagot ni Andres. "Ipinangako ko po sa aking Tatay na hindi ko iiwan sa tabi ng tumana ang mga kalabaw."

"Tamang-tama para sa aking tubuhan," ang sabi ng lalaking nakasakay sa kotse. Noon ay naghahanap siya ng bagong kasama para mapagkatiwalaan sa kanyang tubuhan. Sinabi ng lalaki sa kanyang tsuper na paandarin na ang kanilang kotseng sinasakyan.

1. Ano kaya ang sumasaisip ng lalaking nakasakay sa kotse pagkatapos makausap si Andres?
    a. Walang pinag-aralan si Andres.
    b. Maaaring pagkatiwalaan si Andres.
    c. Hindi marunong makipagkapwa-tao si Andres.
2. Paano ipinakilala ni Andres ang kanyang katapatan sa kanyang tungkulin?
    a. Pinaghintay niya ang nakasakay sa kotse.
    b. Pumayag siyang samahan ang nakasakay sa kotse.
    c. Sinasabi niyang kahit na magkanong halaga ay hindi niya iiwan ang mga alaga niyang kalabaw.
3. Gaano katapat si Andres sa kanyang gawain?
    a. Itinali niya sa gitna ng tubuhan ang kalabaw.
    b. Pinutol niya ang pisi upang makakaing mabuti ang kalabaw.
    c. Maingat na ipinastol ni Andres ang kalabaw sa tumanang may bagong tubong mais.
4. Kapag may ginagawa kang trabaho at may biglang dumating na tao na nangangailangan din ng tulong, ang gagawin mo kaya ay ______________________________.
    a. Harapin kaagad ang nangangailangan.
    b. Pabayaan ang ginagawa at asikasuhin ang bagong dumating.
    c. Siguraduhing nasa maayos ang ginagawa bago harapin ang nangangailangan.
5. Ano kaya ang naging katapusan ng kuwento?
    a. Ipinabilanggo si Andres.
    b. Isinumbong si Andres sa Alkalde ng taong nakasakay sa kotse.
    c. Napiling katiwala si Andres sa tubuhang pag-aari ng taong nakasakay ng kotse.

**Gawain 4**

**Panuto:** Piliin sa ibaba ng bawat pangungusap ang tamang pagpapahayag ng saloobin gamit ang magagalang na pananalita.

1. Naglalakad si Nilda sa may kantina. May nakita siyang isang pitaka sa tabi ng daan. Pinulot niya iyon. Madali siyang nagtungo sa opisina ng punong-guro at ibinigay ang napulot niya. Ano ang kanyang sasabihin?

    A. May napulot akong pitaka.

    B. Kanino po kaya itong pitaka? Nahanap ko sa tabing daan?

    C. Mam, magandang umaga po, mayroon po akong napulot na pitaka.

2. Minsan may isang pangkat ng kabataan na nagkakainan sa isang tindahan. May dumaan, isa nilang kamag-aral. Pilit nilang hinihingan ito ng pambayad sa kanilang kinakain. Nang ayaw magbigay, sinuntok nila ito. Magiging mabuti kaya ang kanilang kinabukasan?

    A. Maaaring maligaw sila ng landas

    B. Oo, dahil mabuti ang kanilang ginagawa

    C. Hindi po dahil ang panghihingi ng sapilitan ay labag sa batas.

3. Laganap na ngayon ang krimen sa ating bansa. Bakit kaya?

______________________________________________________________________________

A. Likas na masama ang tao

B. Malaki na ang populasyon

C. Ninanais lang ng ilang grupo na guluhin ang ating bansa

4. Napagbubuklod ng wika ang damdamin ng mga tao. Bakit kaya?

   A. Nagkakaisa ang mga tao sa sariling wika.

   B. Naipapahayag ang ibig sabihin sa sariling wika.

   C. Nagkakaunawaan ang mga tao sa sariling wika.

5. Matalino at makisig si Ben. Mayaman sila sa kanilang lugar. Iniiwasan siyang lagi ng kanyang mga kabarangay dahil sa sobra niyang yabang at mapanira pa sa kapwa. Kadalasan ay inaapi ang kapwa nita at mga katulong sa bahay. Ano kaya ang mangyayari kay Ben, kung balang-araw ay mangailangan siya ng tulong? Ipahayag ang iyong saloobin.

   A. Hindi po sa mga taong nasa paligid niya siya hihingi ng tulong.

   B. Mag-aalinlangan siyang tulungan ng mga tao sa kanilang pook.

   C. Tutulungan agad siya ng mga taong nasa paligid niya.